

Paano ko malalaman ang mga tiyak na paksang tinuturo sa Kalusugan at Edukasyon PangKarera?

Ang mga guro ay obligadong magturo ng lahat na bahagi nitong kurikulum at kadalasan sinasabi sa mga magulang ang mga paksang kanilang pag-uusapan. Ito ay sa pamamagitan ng sulat para sa buong klase o bahagi ng parent-teacher meetings.

Kung ikaw ay hindi nakatatanggap ng impormasyong ito at nais niyong malaman ang tungkol sa Kalusugan at Edukasyong PangKarera, maaring kontakin ang guro ng inyong anak.

Kinikilala ng BC Ministry of Education na may ilan-ilang magulang na mas gugustuhin na ang ilang paksa sa Kalusugan at Edukasyon PangKarera ay huwag ituro sa paaralan.

Sa ganitong sitwasyon, maaring hingin ng magulang na ma-excuse ang kanilang anak mula sa tiyak na klase ng Kalusugan at edukasyon PangKarera at maturuan sa alternatibong pamamaraan. Kailangan sabihan ng magulang ang mga school staff kapag may ganitong kaayusan.

Ang mga mag-aaral na tinuturuan ng mga tiyak na paksa sa alternatibong pamamaraan ay kailangan magpakita ng kanilang kaalaman sa mga bagay na ito.

Ang mga guro ay nagbibigay ng report sa Kalusugan at Edukasyon PangKarera isang beses sa isang taon.



VSB

“Health and Career Education: Intermediate”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Kalusugan at Edukasyon PangKarera



Grade 4 hanggang Grade 7

Ano ang Kalusugan at Edukasyon PangKarera?

Ang Kalusugan at Edukasyon PangKarera ay isang provincially prescribed kurikulum para sa lahat na mag-aaral ng Grades 4 hanggang 7. Binibigyan nito ang mga mag-aaral ng pangunahing kaalaman, kasanayan at saloobin na makatutulong para sila maging maalam sa pagdedesisyon at sa paggawa ng ligtas at malusog na pagpili.

Ano ang tinuturo sa Kalusugan at Edukasyon PangKarera?

Ang Kalusugan at Edukasyon PangKarera ay nakatuon sa mga sumusunod:

Paggawa ng Layunin at Pagdedesisyon

- Pagtakda ng layunin at pagplano kung paano maabot ito.
- Matutong kumuha ng suporta sa pamilya at kaibigan upang makamit ang layunin.

Pag-unlad ng Karera

- Magkaroon ng magandang gawi sa trabaho.
- Pag-usapan kung paano naililipat ang magandang gawi sa trabaho na natutunan sa paaralan, sa totoong buhay.

- Ang mga Grade 7 na mag-aaral ay maari ding gumalugad ng iba't-ibang trabaho.

Kalusugan at Malusog na Pamumuhay

- Matuto ng mga pagbabago sa katawan sa panahon ng pagbibinata at pagdadalaga.
- Alamin ang tungkol sa human reproductive system.

Ang Grade 6 at 7 na mag-aaral ay matututo din ng tungkol sa mga mapanganib na sakit katulad ng HIV/AIDS.

Malusog na Relasyon

- Matuto kung paano magkaroon ng malusog na pagkaka-ibigan at relasyon at kung paano panatilihin ito.



- Suriin ang pagbabansag at matuto kung paaano ito humahantong sa diskriminasyon.
- Unawain ang pang-aasar at ang mga konsekwensiya nito.

Kaligtasan at Pagpigil ng Pinsala

- Matutong umiwas at/o magbigay ng angkop na tugon sa mga sitwasyon na maaring magresulta sa pagsasamantala at pang-aabuso.
- Unawain ang kahalagahan ng ligtas na paggamit ng Internet
- Matuto ng paraan sa pagharap ng peer pressure.
- Unawain ang pag-iwas sa mga hindi kailangan na panganib.

Abuso sa Paggamit ng mga Sangkap at Paano Mapigilan ito

- Matuto ng mga stratehiya na magkaroon ng malusog na pagpipilian.
- Matuto tungkol sa mga negatibong epekto ng tabako, alcohol, at droga.



Bakit kailangan ito ituro sa paaralan?

Ang BC Ministry of Education ay naniniwala sa kabuuan ng pagkatao ng isang mag-aaral. Kasama dito ang pag-unlad ng kakayahang sosyal, emosyonal, intellectual, artistic at pisikal, na may kasamang responsibilidad -panlipunan.

Ang Ministry ay naniniwala na ang Kalusugan at Edukasyon PangKarera ay makatutulong sa mga mag-aaral para:

- magkaroon ng kakayahan at saloobin na nagpabubuti sa kanilang pagkatao; at
- tagumpay na mamuhay sa masalimuot na mundo na kanilang kinagagalawan.